

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Samahan sina Mayor Patrick Brown at ang mga Konsehal online para sa Levee sa 2021 Bagong Taon

BRAMPTON, ON (Pebrero 9, 2021) – Samahan sina Mayor Patrick Brown at ang mga Miyembro ng Konseho nang birtwal para sa matagal nang tradisyon ng Levee ng Mayor sa Bagong Taon sa Sabado, Pebrero 13, mula 11 am hanggang 12 pm.

Sa taon na ito, dahil sa COVID-19 at sa pagsasara ng buong Lalawigan, ang Levee ng Mayor ay iho-host online. Si Mayor Brown at ang mga Miyembro ng Konseho ay magbibigay ng pambungad na mga mensahe, na susundan ng Pambagong Taon na mensahe ng Mayor.

Bilang bahagi ng event, maaaring subukan ng mga tao ang kanilang kaalaman sa Brampton sa larong trivia ng Brampton. Ang laro na ito ay pwedeng lalaruin sa mga cellphone, gamit ang Kahoot app (na pwedeng mai-download mula sa app store) o online sa www.kahoot.it/. Ang nangungunang limang contestant ay mananalo ng e-gift card sa kalahok na mga negosyo sa downtown na nag-aalok ng online na pagbili na pwedeng kunin sa curbside.

Ang Levee sa taon na ito ay nagtatampok din ng birtwal na photo booth kung saan ang mga tao ay pwedeng kumuha ng mga litrato ng kanilang mga sarili at kanilang pamilya at pagkatapos ay ibahagi ang mga litrato online gamit ang hashtag na #BramptonLevee.

Ang residente mismo ng Brampton na si Cristina Howorun, isang award-winning journalist sa CityTV sa Toronto, ang magho-host sa event.

Hanapin ang lahat ng detalye sa event online sa www.brampton.ca/events.

Ang Levee sa Bagong Taon ay isang tradisyon na ipinagdiriwang sa Canada sa Pederal, Panlalawigan, Panrehiyon at Pangmunisipyong mga antas ng pamahalaan. Paglipas ng mga taon, ang Levee sa Bagong Taon ng Lungsod ng Brampton ay dumaaan sa iba't ibang pormat habang nagbibigay ng pampagdiriwang na resepsyon para sa mga residente at sa pagkakataon na makipagkita sa Mayor at sa mga Konsehal.

Quote

“Ang tradisyon ng Levee sa Bagong Taon ay pagpapalitan ng mga pagbati at mga best wishes para sa Bagong Taon. Ito ay isa ring pagkakataon na magnilay-nilang sa mga pangyayari sa nakalipas na taon at pagtanggap sa mga oportunidad sa darating na taon sa Brampton. Kahit na ang Levee sa Bagong Taon ay maaaring naiiba sa taon na ito, ito ay isang mahalagang tradisyon na magpapatuloy. Inaasahan ko ang pagsali ng mga residente para sa pagdiriwang sa taon na ito!”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/Brampton), [Facebook](https://www.facebook.com/Brampton), at [Instagram](https://www.instagram.com/Brampton). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Gurvinder Singh
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-2028 | Gurvinder.A.Singh@brampton.ca